

Para sa mga magulang/ tagapag-alaga

**SENTRONG SA PAGTUTURO NG WIKANG HAPON  
SA LUNGSOD NG SHIZUOKA**  
(SHIZUOKA SHI NIHONGO SHIDOU CENTER)



\*Tinatawag na 「NIHONGO KYOUSHITSU」 o Pagkaklase sa Wikang Hapon para sa mga bata.

**1 Anong uri ng serbisyo ang inilalaan ng Sentro sa Pagtuturo ng Wikang Hapon?**

Ang sentro ay nagtuturo ng wikang Hapon lalo na ang mga pangkaraniwang ginagamit na salita sa pang-araw-araw na pamumuhay para sa kapakanan ng mga batang dayuhan o mga batang bumalik sa Japan na nasa Elementarya at High School na mag-aaral. Ang sentro ay sumusuporta din kaugnay sa kondisyon ng mga bata sa paaralan. Ang mga pagpapayo tulad sa mga suliranin o pag-aalala sa kanilang pag-aaral o sa paaralan at pagpapayo para sa mga magulang ay ipagbibigay alam sa gurong in-charge ng pinapasukang paaralan upang magawan ng lunas.

**2 Saan matatagpuan ang Sentro sa Pagtuturo ng Wikang Hapon?**

\*Shizuoka Shiritsu MORISHITA Shougakkou Center

(para sa mga elementaryang bata na nasasakupan ng Suruga-ku at Aoi-ku)

\*Shizuoka Ken Kyouiku Kaikan (Shizuoka Prefecture Educational Center)

(para sa mga batang nasa Junior High School na nasasakupan ng Suruga-ku at Aoi-ku)

\*Shizuoka Shiritsu Shimizu Yuudo Daichi Shougakko Center

(para sa mga elementary at Junior High School na nasasakupan ng Suruga-ku at Aoi-ku) Ang bawat Sentro ay nasa loob ng bawat paaralan.

**3 Ilan ang mga dayuhang bata na nag-aaral sa Sentro sa Pagtuturo ng Wikang Hapon?**

Mula sa 3 lugar ng Sentro, umaabot sa 50 ang mga dayuhang mag-aaral. Pabago-bago rin ang bilang ng mga mag-aaral dahil sa may mga pamilyang lumilipat sa ibang lugar.

**4 Paano ang mga pamamaraan sa pagtuturo ng wikang Hapon?**

Mayroong dalawang sistema sa pagtuturo ng wikang Hapon. Ang pumapasok sa sentro para turuan o TSUKYUU SHIDOU at ang pagsadya ng guro sa paaralan ng bata para turuan o HOUMON SHIDOU. Mayroon ding iginagawad na pagpapayo.

Ang TSUKYUU SHIDOU ay ang pagtuturo ng wikang Hapon sa mga batang dayuhan na pumapasok sa Sentro, isang beses sa isang Linggo. Ginugrupo ang mga bata ayon sa kanilang kakayahan sa wikang Hapon. Ang pagkaklase ay dalawang oras sa isang araw. Nahahati sa dalawang grupo ang pagkaklase. Ang mga batang nasasakupan ng Aoi-Ku at Suruga-ku ay may grupo na pang- Miyerkules at grupo ng pang-Huwebes. Samantala, ang mga nasasakupan naman ng Shimizu-ku ay may grupo na pang-Huwebes na klase para sa Junior High School at ang grupo na pang-Martes at Miyerkules na pagkaklase para sa mga Elementarya.

Ang HOUMON SHIDOU naman ay ang pagsadya ng tagapagturo sa wikang Hapon sa paaralan kung saan nakarehistro ang batang dayuhan. Ito ay para sa mga batang hindi pa talaga marunong ng wikang Hapon. Sa isang taon ay may 10 beses na pagtuturo. Sa isang araw na pagkaklase ay 45 minuto para sa mga elementarya at 50 minuto para sa mga Junior High School. Ang araw ng pagdalaw ng tagapagturo ng wikang Hapon sa paaralang pinapasukan ng dayuhang bata ay depende sa disisyon ng paaralan. Depende rin sa mga paaralan ang bilang ng pagdalaw sa loob ng isang Linggo.

Kaugnay ng mga pagpapayo, itinuturo sa mga bata ang mga patakaran sa kanilang mga pinapasukang paaralan at nagtuturo rin ng mga mahahalagang gamit na salita para sa pang-araw-araw na pamumuhay. Gayun din, nagsasadya sa pinapasukang paaralan ng bata ang mga tagapagturo sa mga oras na may mga suliranin o nababagabag ang mga ito. Ang pagpapayo ay tatlong beses sa isang taon isinasagawa.

5 Mayroon bang pagdalaw sa pagkaklase ang mga magulang ng mga batang dayuhan na pumapasok sa Sentro?

Mayroon. Sa isang taon ay isang beses, tuwing buwan ng Mayo. Ipapaalam ito ng Sentro sa gurong in-charge na pinapasukang paaralan ng mga bata sa pamamagitan OTAYORI o paalaalang-sulat. Pilitin ninyong makadalaw sa Sentro upang matunghayan ninyo ang kondisyon ng inyong anak kung papaano sila mag-aral ng Nihonggo. Matapos ang pagmamasid sa pag-aaral ng inyong anak ay maaari kayong makahingi ng pagpapayo sa mga tagapagturo ukol sa pag-aaral at kalagayan ng mga anak.

6 Anong oras ang pagkaklase ng Wikang Hapon??

【Sa mga pumapasok sa Sentro】

Ang schedule ng lahat ng grupo ay pare-pareho.

Pagpunta sa Sentro **13:30-14:00**

Mangyaring pumasok lamang sa nasasakupan ninyong Sentro sa tamang oras.

Magtungo kayo sa Sentro sa pamamagitan ng paglalakad o pagsakay sa bus.

Ipinagbabawal sa mga magulang ang ihatid at sunduin ang bata sa Sentro. Bawal din ang pumasok na nakabisekleta.

Aalamin palagi ng tagapagturo kung ang bata ay pumapasok sa klase.

Kung hindi makapasok o mahuhuli sa klase ang bata ay mangyaring tumawag at ipaalam sa guro ng pinapasukang paaralan ng bata upang maipaalam ito ng guro sa Sentro sa Pagtuturo ng Wikang Hapon.

Sa pagitan ng oras na ito ay maaaring makipagpanayam ang mga magulang at batang mag-aaral sa kanilang tagapag-turo ng wikang Hapon. Maaari ring makahingi ng pagpapayo ang mga bata hinggil sa mga bagay na bumabagabag sa kanila.

\* Ang pakikipagpanayam sa mga magulang ay para sa mga bago pa lamang papasok sa Sentro ang kanilang anak. Mayroong gagawing pagsusuri sa kakayahan ng bata sa pakikinig, pagsusulat at marami pang iba ng wikang Hapon.

Unang oras 14:00~14:45 Pagkaklase sa wikang Hapon

Ikalawang oras 15:00~15:45 Pagkaklase sa wikang Hapon

Paghahanda sa pag-uwi 15:45~16:00 Ang uwian ay 16:00.

7 Paano ang mag-aplay upang makapag-aral ng wikang Hapon?

Sa nakabukod na pang-aplikasyon na papel, ang 「pormularyo」 -- ay sagutin lagdaan ag mga nakasaad na tanong. Ibigay ito sa pinapasukang paaralan ng bata para makapag-aplay. Ipagbibigay- alam ito ng paaralan bago mag-umpisa ang araw ng pasukan sa sentro.

Impormasyon

Komite ng Edukasyon sa Lungsod ng Shizuoka

Dibisyon ng Edukasyon ng Paaralan, Tagapamahala ng Pagpapalano

TEL 354-2533 FAX 354-2481